**International Journal of Research Studies in Education**
2024 Volume 13 Number 16, 11-32




# Lenteng pedagohikal sa pagsusuri ng gramar ng sinugbuanong binisaya: Modelong 4P's

Alvarado, Elsie ✉
*Cebu Normal University, Philippines (alvaradoe@cnu.edu.ph)*

**Received**: 19 August 2024 **Revised**: 25 September 2024 **Accepted**: 1 October 2024
**Available Online**: 1 October 2024 **DOI**: 10.5861/ijrse.2024.24828

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

***Abstract***

This study analyzed the content of the pedagogical grammar in Cebuano-Visayan of Angel O Pesirla towards creating 4P's Model in making a pedagogical book. It specifically analyzed the following structures: 1) phonology; 2) morphology; and 3) syntax. Anchored in the pedagogical theory of Resuma, Bourke, at Newby in analyzing the Cebuano-Visayan book of Pesirla [2012]. The findings of the study according to the criteria are not so communicative because it lacks the following concise, true, and comprehensive in the description of 1) phonology particularly in the vowels, point of articulation, point and ways of articulation, diphthongs, claster, stress, and emphasis; 2) morphology such as morphemic changes, affixation and sufficxation, and the parts of speech; 3) syntax like the rules of the subject and predicate, verbal and non-verbal sentences according to the sentence usage and structure; and the activities need to improve to make it communicative because it only focus on development of grammar and sociolinguistic. Based on the observation, it was proven that the pedagogical grammar book of Pesrila (2012) is not so much communicative as the analyzed pedagogical grammar. Because of this, the study created an enhanced pedagogical grammar in Cebuano-Visayan that features the following 4P's phases: 1) pagpapakilala (introduction); 2) paglalahad (presentation); 3) pangkomunikatibong gawain (communicative activities); and 4) paglalagom (summary). The study recommends that the pedagogical grammar created will be used as a guide to improve conceptualizing reference books in Cebuano-Visayan language.

***Keywords:*** analysis, Cebuano-Visayan, language, pedagogical approach, 4P's model

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# Lenteng pedagohikal sa pagsusuri ng gramar ng sinugbuanong binisaya: Modelong 4P's

## 1. Introduksyon

Masasabing ang pedagohikal na gramar ay tulay sa pag-unawa ng wikang inaaral sa akademya. Sinabi ni Little (1994), ang pedagohikal gramar ay walang tiyak na tuon o kung paano ito bibigyan ng kahulugan sapagkat napakalawak ng usaping pangwika. Sa ganitong perspektiba, naniniwala ang mananaliksik na sadyang masalimuot aralin ang wika. Napakaraming isaalang-alang sa pagbuo ng gramar dahil ito ay buhay at dinamiko ang wika kung kaya, hindi lang tradisyonal na anyo ang pagtuonang-pansin bagkus ang kasalukuyang kalakaran ng wika. Kaya, sa pag-aaral ay sinikap na ang mga halimbawang ginamit ay naiintindihan ng lahat ng mga Bisaya. Sa ganitong sitwasyon, mapapaunlad pa ang wikang inaaral at magkakaroon pa ng gabay sa pagtuturo ang mga guro at karagdagang sanggunian sa pag-aaral ng wikang Sinugbuanong Binisaya ang mga kabataan sa bagong henerasyon partikular ang mga estudyanteng Bisaya. Kakaiba naman ang tampok ni Swan (1994), sapagkat bumuo siya ng sariling balangkas ng disenyong krayterya sa tuntuning panggramatika. Pansinin na ang binuong balangkas ay bunga ng kalikasan ng wikang inaaral. Ibig sabihin, sa kasalukuyang pag-aaral, isinaalang-alang din ang wika bilang natatangi. Mahalagang mabigyang-tuon ang ikinaiiba nito sa iba pang wika nang sa gayon, makita ng katutubong mananalita ang barayti nito. Ito ay magiging daan upang maintindihan ng bawat isa ang kalikasan at katangian ng kanilang kapuwa sa pagsasalita.

Batay sa pag-aaral ni Candlin (1973), ang pedagohikal na gramar ay tumatalakay sa gamit ng wika sa halip na sa estruktura na taliwas na paniniwala nina Allen at Corder (1973), estruktura ang tuon sa pagtuturo ng gramar. Mapapansing magkakaiba man ang kanilang pananaw, hindi naman nalalayo ang tunguhin ng kapuwa pag-aaral. Naiiba nga lang dahil ang una ay nagbibigay- diin sa kung papaano gagamitin ang wika sa pang-araw-araw na buhay ng tao habang sa ikalawa naman ay tradisyonal na anyo ng pagtuturo ng wika. Maihahambing ito sa pananaw ni Chomsky na ang wika ay kognitibo kaya nararapat na may sapat na kaalaman ang mga gumagamit nito sa estruktura ng wika nang sa gayon, madaling mailapat sa komunikasyon. Sa kabilang banda, binanggit ni Candlin (1973), na sadyang magkaiba ang pedagohikal gramar sa lingguwistikong gramar dahil nakatuon sa diskurso kaysa mga pangungusap ang una. Dahil sa komunikatibong pangangailangan ng mga estudyante, mahalagang malaman ang gamit ng wika bilang sentro ng pagtuturo ng wika gaya ng wikang Sinugbuanong Binisaya upang matamo ang pagkatuto. Patunay din ang sinabi ni Corder (1974), ang gramatikang pedagohikal ay interaksiyon sa pagitan ng guro at estudyante sa tulong ng iba't ibang gawain sa prosesong pedagohikal. Tunay ngang malaki ang naitutulong ng pedagohiya sa malayang komunikasyon kung may sapat na kaalaman sa mga simulain at teoryang panlingguwistika, wika at pedagohiya. Pinatotohanan ito ni Bausch (1979), ang tatlong batayang kaalaman na lingguwistika, wika at pedagohiya ay nagbubunga ng pagkatuto ng pangalawang wika. Ang pagkatuto sa pangalawang wika ay nakabatay pa rin sa kaalaman ng tuntuning panggramatika ng gumagamit ng wika.

Mahalaga ring bigyang-tuon ang anyo ng wikang ituturo gaya ng Sinugbuanong Binisaya upang mas mapadali ang paggamit ng mga estudyante alinsunod sa pananaw ng pedagohikal na gramar. Binanggit sa bahaging ito ang katangian ng wika upang matiyak ang tuon ng gramar sa Sinugbuanong Binisaya na ginawa sa pag-aaral. Sabi nina Nattinger at DeCarrico (1992), ang wika ay nagbibigay-tuon sa pariralang leksikon na pangunahing sangkap kaysa pag-aaral ng pangungusap. Sinang-ayunan naman ito ni Lewis (1993), na ang wika ay binubuo ng gramatikang leksikon. Sinasabing ang puso ng wika ay leksikon dahil kung walang salita ay hindi mabubuo ang komunikasyon. Isinaad na sadyang ugat ng pag-aaral ng gramar ang leksikon o salita kaya, sa kasalukuyang pag-aaral ay biniyang-tuon din ang pag-aaral ng kahulugan ng mga salita. Dagdag pa, nararapat isinaalang-alang sa pagbuo ng silabus ang pagbibigay tuon sa estruktura ng salita nang sa gayon mas mauunawaan ng gumagamit ng wika ang mensaheng nais ihatid sa kausap (Lewis, 1993). Magsisilbing mapa ang silabus partikular sa pag-aaral ng wikang Sinugbuanong Binisaya ng mga Bisaya upang magkaroon ng

patnubay sa kasaklawan nito.

Sa pababalik-tanaw na ginawa ng mananaliksik, napag-alaman na may mga bumuo na ng gramar at gumawa ng pag-aaral ukol sa gramatikang Sinugbuanon. Gumawa ng gramar sina Soledad (1904), sumulat ng English-Bisaya Gramar in 28 lessons ni Santiago (1905), na nakapaglimbag ng kombersasyonal na aklat. Sa kabilang banda, nailimbag ng dalawang Pilipinong guro mula sa Hawai ang *Cebuano for Beginners* nina Bunye at Yap (1971) at Beginning Cebuano naman sa Amerikanong lingguwista na si Wolff (1967a, 1967b) mula sa Unibersidad ng Cornell. Sa mga binanggit, malinaw na referens gramar ang tuon nito, bagay na mas lumalim ang adhikain ng mananaliksik na bumuo ng isang gramar upang matugunan ang kakulangan nito. Samantala, isang panlingguwistikang aklat naman ang pedagohikal na gramar ng Cebuano-Visayan ni Pesirla (2012) na ginagamit na referens sa pagtuturo ng Pinulungang Sinugbuanon bilang elektib na asignatura sa mga estudyante ng Cebu Normal University. Masasabing pagkatapos ng yugtong ito ay isa lang ang sumubok na gumawa ng aklat panggramatika sa Cebuano na isinulat ni De Catalina (2016) ngunit nakatuon pa rin sa tradisyonal na dulog. Pansinin na ang mga binanggit ay nauukol sa pagbuo ng referens gramar o aklat panggramatika. Nangangahulugan na limitado ang ukol sa pagbuo ng gramar partikular ang pedahohikal kung kaya, maituturing na malaking hamon ang ginawa ng mananaliksik dahil sa kakulangan ng sangguniang nauukol sa wikang Sinugbuanong Binisaya.

May mga pag-aaral na makapagpapatunay na mahalagang aralin ang wikang Sinugbuanong Binisaya kagaya kay Blake (1920), binanggit niya na 20 lamang o 4% ang tungkol sa Cebuano habang sa pag-aaral ni Lande (1971) 14 o 7% lang sa 206 na teksto ang tungkol sa naturang wika. Sobrang kaunti naman ang naitala ni Welsh (1950), dahil mas mababa pa sa 1% ang kabuoang sampol (6 sa 1, 154) ang mga pag-aaral na nauukol sa Cebuano, malinaw na simula pa noon ay patungkol sa wikang Cebuano ang inaaral at wala pang hinggil sa pagbuo ng gramar ukol sa wikang Sinugbuanong Binisaya na gumagamit ng lapit pedagohikal upang magamit sa estudyanteng nag-aaral sa unang wika.

Sa pag-aaral ni Bautista (2015), natuklasan niya na isa sa mga pangunahing uso sa gramatikal na pag-unlad ng mga sulatin ng Timog Bisaya (Sebwano) ay pedagohikal na lapit panggramar na nanaig ang pangangailangan ng mga mag-aaral. Ibig sabihin ay noon pa man ay may mga pag-aaral na ukol sa wikang pinag-aralan ng mananaliksik lamang, nakatuon ito sa mga sulatin, hindi sa pagbuo ng pedagohikal na gramar. Dagdag pa niya, nabanggit na sa mga pag-aaral ng Timog Bisaya na kabilang na ang Cebuano, masasabing mas maunlad ang wikang Cebuano kaysa iba sa aspektong kantidad at kalidad ngunit kung ihahambing sa Tagalog at Ilokano ay mas mababa pa rin ang mga pag-aaral ng Cebuano. Mapapansing ilan pa lamang ang nag-aaral patungkol sa wikang Cebuano, ibig sabihin nito ay higit na kinakailangang isulong ang pagpapaigting ng mga pag-aaral sa gramar ng wikang Sinugbuanong Bisaya.

***Research objectives* -** Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masuri ang pedagohikal na gramar ng Sinugbuanong Binisaya sa tulong ng lenteng pedagohikal analisis tungo sa pagbuo ng modelong 4P's. Tiniyak na masuri ang pedagohikal na gramar ng wikang Sinugbuanong Binisaya ni Pesirla (2012) ayon sa: 1) ponolohiya; 2) morpolohiya; at 3) sintaksis.

## 2. Materials and methods

Ang kuwalitatibong panunuring pangnilalaman ay mahirap gamitin ayon kina Glasel at Laudel (2004) at nangangailangan ng paglatag ng maraming kaugnay na literatura bilang pagpapatunay sa mga impormasyon (Titscher et al., 2000). Dagdag pa, ito ay pagpapakita ng iba't ibang posibilidad ng interpretasyon sa "multiple connotations." Saad naman ni Bryam (2004), ito ay dulog sa pagdodokumento na nagbibigay-tuon sa gampanin ng imbestigador sa pagbubuo ng kahulugan nito at ng teksto. Ginamit ito upang masuri ang pedagohikal na gramar ng wikang Sinugbuanong Binisaya na nakalimbag. Binubuo ng tatlong hakbang ang ginawang pagsusuri ng pedagohikal na gramar ng Sugbuanun'g Binisaya ni Pesirla (2012): una, paglinang sa koda na tumutukoy sa bawat estruktura ng wikang nakapaloob; ikalawa, pagtukoy sa tema na nagsasaad ng pangkalahatang ideya sa

bawat paksa na tinalakay; at ikatlo, pagbubuod ng datos na tumuturing sa pangkalahatang obserbasyon ng mananaliksik. Ang mga hakbang na binanggit ay naging gabay para malinaw at maayos na masuri ang estruktura ng gramar ng Sinugbuanong Binisaya nang sa gayon ay makabuo ng isang pedagohikal na gramar na kakaiba at may sariling identidad.

***Pinagmulan ng Datos -*** Nagsagawa muna ng pangnilalamang pagbubusisi ang mananaliksik sa pedagohikal na gramar ng wikang Sinugbuanon at wikang Sinugbuanong Binisaya at napag-alaman na tanging kay Pesirla (2012) ang may pedagohikal gramar ng Sinugbuanong Binisaya. Kaya nakatuon ang pagsusuri dito sa tulong ng nalikhang deskriptibong talahanayang ginamit sa pagsusuring pedagohikal. Ginamit ang teoryang komunikatibo ni Resuma (2002), anim na krayterya ni Bourke (2005), at kognitibo at komunikatibo ni Newby (2015) sa pangnilalamang pagsusuri sa estruktura ng wikang Sinugbuanong Binisaya ang mananaliksik sa tulong ng deskriptibong talahanayan.

***Mga Hakbang sa Pagsusuri -*** Ang isang pag-aaral ay dumadaan sa mga hakbang upang matamo ang layunin nito. Dito nakasaad ang pagsasakilos na gagawin bago at pagkatapos makakalap ng mga datos. Ang mga hakbang na inilahad dito ay maaaring mabago ayon sa pangangailangan ng pag-aaral partikular sa panahon ng pagkuha ng mga datos. Kung may pagbabago man ay mailalahad matapos ang pagbuo ng pedagohikal na gramar na pinakatunguhin sa pag-aaral na ito. Tunghayan ang mga hakbang sa pangangalap ng datos para masagot ang mga tiyak na layunin ng pag-aaral.

**Unang bahagi: Pagsusuri sa Ponolohiya**. Sa bahaging ito sinuri ang pedagohikal na gramar ni Pesirla (2012) sa pamamagitan ng pagtitiyak sa mayroon o wala sa komunikatibong krayterya ni Resuma (2002), 6K's ni Bourke (2005) at kognitibo at komunikatibo ni Newby (2015), nang sa gayon ay matiyak ang pagiging komunikatibo nito. Tinukoy ang pangnilalamang bahagi ayon sa ponemang segmental gaya ng ponemang patinig, ponemang katinig, punto ng artikulasyon, diptonggo, at klaster samantalang sa ponemang suprasegmental naman ay binigyang-diin ang tono at diin. Binigyan ang bawat krayterya ng mga halimbawa mula sa nilalaman ng pedagohikal na gramar na sinuri.

**Ikalawang Bahagi: Pagsusuri sa Morpolohiya.** Sinuri ang pangnilalamang bahagi ng pedagohikal na gramar sa tulong ng tatlong paglalarawan sa mayroon o wala nito. Itinuon ang pagsusuri sa pagbabagong morpoponemiko, mga uri ng paglalapi, at mga bahagi ng pananalita. Ibinatay pa rin ang pagsusuri sa krayterya sa pagiging komunikatibo ng isang pedagohikal na gramar nina Resuma (2002), Bourke (2005) at Newby (2015). Ang bawat paglalarawan ay may kaakibat na halimbawa upang mapalitaw ang tinataglay na krayterya sa pedagohikal na gramar ng Sinugbuanong Binisaya.

**Ikatlong Bahagi: Pagsusuri sa Sintaksis**. Inilahad sa bahaging ito paglalahad na ginamit sa pedagohikal na gramar ni Pesirla sa tulong pa rin ng pananaw komunikatibo nina Resuma (2002), Bourke (2005), at Newby (2015) na nakabatay sa krayterya ng isang pedagohikal na gramar. Sinuri ang mga bahagi ng pangungusap at mga anyo nito ayon sa kayarian at gamit alinsunod sa krayterya ng komunikatibong gramar. Pangunahing pinaghanguan ng mga datos ng mananaliksik ang pedagohikal na gramar ni Pesirla (2012) upang matiyak ang mga paksang-aralin na itatampok sa pedagohikal na gramar. Ayon kay Pesirla (2012), ang pedagohikal na gramar ay binibigyang tuon ang deskriptibong gramar ng wika para sa pagtuturo at pagkatuto ng Cebuano-Visayan. Batay sa binanggit, maliwanag na may sumubok na sa pagbuo ng pedagohikal na gramar ayon sa deskriptibong dulog na pagtuturo ng wika. Mahalagang banggitin na ang gramar ay inilahad nang maayos at organisado upang madaling maunawaan ng gumagamit nito.

## 3. Results and discussion

### *3.1 Pagsusuri sa Ponolohiya*

Ang unang bahagi ng pagsusuri ay nakatuon sa ponolohiya ng pedagohikal na gramar ni Pesirla (2012). Ang

gramar ay binubuo ng dalawang medyor na bahagi; sintaksis at ponolohiya. Ang ponolohiya ay bahagi ng sintaksis at nagbibigay ng iba't ibang tuntunin, sa pagbigkas (Koutsoudas, 1963). Sa ganitong pananaw, malinaw na malaki ang gampanin ng ponolohiya sa pagbuo ng pangungusap. Sinasabing ang ponolohiya ay paraan ng mga wika kung paano gamitin ang tunog upang makilala ang salita sa iba pang salita (Delahunty at Garvey, 2010). Ibig sabihin, malaki ang gampanin ng tunog sa pagbabago ng kahulugan ng salita. Nagbibigay ito ng ideya kung papaano kumikilos ang utak ng tao (Forel at Puskas, 1986). Sa madaling sabi, ang ponolohiya ay isang pag-aaral sa relasyon ng mga tunog sa isang wika. Sa tulong din ng deskriptibong talahanayan ay maipapakita ang pagsusuring ginawa. Inilahad sa talahanayan 1a ang pagsusuri sa ponolohiya ayon kay Resuma (2012).

**Talahanayan 1a**

*Pagsusuri sa Ponolohiya ayon kay Resuma (2012)*

| Komunikatibo (Resuma, 2002) | Mayroon | Wala |
|---|---|---|
| A. Ponemang Segmental<br><br>1. Ponemang katinig (16) gaya ng p, t, k, b, d, g, m, n, ng, l, r, s, h, w, y at ? | -may *kalinawan* at *pagtanggap na;*<br>* mayroong labinlimang ponemang katinig (15) gaya ng<br>p, t, k, b, d, g, m, n, ng, l, r, s, h, w, y | -Walang *kabisaan at katipiran* sa:<br>* paraan at punto ng artikulasyon ng Sinugbuanong Binisaya<br>*glottal na tunog dahil sa ibinibilang ito bilang bantas na gitling sa pagitan dalawang patinig at pagitan ng katinig at patinig<br>Hal: tam-is, batan-on |
| 2. Ponemang patinig (5) na may tatlong posisyon na bahagi gaya ng:<br>2.1 mataas /i/, /u/<br>2.2 gitna /e/, /o/<br>2.3 mababa /a/ | -may *kalinawan* at *pagtanggap* na;<br>*May tatlong patinig gaya ng /a/, /i/, at /u /<br>Hal: mata, abli, kahuy | -Walang *kabisaan* at *katipiran* sa:<br>*walang ponemang patinig na /e/, /o/ at walang binanggit na posisyon na bahagi<br>Hal: sinena, kahoy |
| 3. Diptonggo na may tatlong posisyon na bahagi gaya ng:<br>2.1 mataas /iw/,/iy/ (harap) at /uy/ (likod)<br>2.2 gitna /ey/ (harap) at /oy/, /ow/ (likod)<br>2.3 mababa /ay/, /w/ (sentral) | -may *kalinawan* at *pagtanggap* na;<br>*may tatlong diptonggo gaya ng aw, ay at uy na tinawag na kombinasyon ng patinig gaya ng:<br>/a/ + /u/ = /aw/;<br>/i/ + /i/ = /ay/; at<br>/u/ + /i/ = /uy/<br>Hal: ampaw, balay, kahuy | -walang *kabisaan* at *katipiran* sa:<br>*diptonggong gaya ng ow, iw, at /oy/ o /uy/<br>Hal: bungalow, agiw, kahoy, pinuy-anan |
| 4. Klaster | - hindi binanggit | -walang *kalinawan, kabisaan, pagtanggap* at *katipiran* sapagkat;<br>* hindi tinalakay ang klaster |
| B. Ponemang Suprasegmental<br>1. diin | -may *pagtanggap* na;<br>*ngunit tinatawag itong *glottal stop* na binubuo ng tatlong patinig gaya ng /a/, /i/, at /u/ may diin na malumi at maragsa<br>Hal: bagâ, bidlì, atù | - walang *kalinawan, kabisaan* at *katipiran* sa:<br>*ponemang suprasegmental<br>*uri ng diin na malumay, at mabilis<br>Hal: sakay, ablihí |
| 2. punto, tono at intonasyon | -hindi binanggit | -walang *kalinawan, kabisaan, pagtanggap* at *katipiran* sapagkat walang pagtatalakay ukol sa:<br>*punto, tono at intonasyon |
| 3. hinto | -hindi binanggit | - walang *kalinawan, kabisaan, pagtanggap* at *katipiran* sapagkat walang pagtatalakay ukol sa hinto |

Matutunghayan sa talahanayan 1a, ang pagsusuri sa ponolohiya batay sa pananaw ni Resuma (2012), may mga bahaging mayroon at wala sa sinuring wikang Sugbu-anun'g Binisaya ni Pesirla. Ayon kay Resuma (2012),

ang pedagohikal na gramar ay komunikatibo, isaalang-alang ang mga pamantayan sa pagpapahayag gaya ng may kalinawan, kabisaan, pagtanggap, at katipiran na hindi isinasakripisyo ang paggamit ng wikang angkop sa akademikong rehistro at hindi masakit pakinggan o mahirap. Ibig sabihin, binibigyang-diin ang tamang kalinawan at kabisaan sa paggamit ng wikang ayon sa pangangailangang akademya. Bagay na sa pagbuo niya ng pedgohikal na gramar sa wikang Filipino, tiniyak niyang may dalawang uri ng ponema: ponemang segmental at ponemang suprasegmental upang mailarawan ang pagkakaiba ng punto at paraan ng artikulasyon sa ponemang patinig at ponemang katinig. Kaya, sa pagsusuring ginawa, binigyang-pokus ang pagkakatulad at pagkakaiba ng paglalarawan sa dalawang uri ng ponema. Kapansin-pansin sa unang bahagi ng pagtatalakay ni Resuma sa PG ay nakatuon sa ponemang segmental na binubuo ng katinig, patinig, diptonggo, at klaster at sinundan ito ng ponemang suprasegmental na nahahati sa tatlong bahagi: diin; punto, punto at intonasyon; at hinto.

Batay sa pananaw ni Resuma (2002), kakikitaan ang ponemang segmental ng apat na mahahalagang konsepto na naglalarawan sa kakaibang estruktura ng wikang Sinugbuanong Binisaya. Malinaw na may labing-anim (16) ang ponemang katinig ayon kay Resuma (2002) habang labinlima (15) naman kay Pesirla (2012). Para kay Bullas (2013), ang wikang Sinugbuanon ay binubuo ng (21) dalawampu’t isang ponema; (19) labinsiyam na ponemang segmental na binubuo ng (16) labing-anim na ponemang katinig at (3) tatlong ponemang patinig habang ang ponemang suprasegmental naman ay (2) dalawa gaya ng diin at haba. Malinaw na nagkakaiba ang dalawang pananaw sa ponemang katinig na may (16) labing-anim at ponemang patinig na binubuo ng tatlo; *a, i,* at *u*. Mapapansin na binubuo ng tatlong ponemang patinig ang wikang Sinugbuanong Binisaya gaya ng *a, i* at *u*. Pinaniniwalaan ni Pesirla (2012), ang tatlong ponemang patinig ay inilalarawan ng Sugbu-anun’g Binisaya sapagkat ang mga Cebuano ay matitigas magsalita. Sa paggawa ng pedagohikal na gramar ng mananaliksik, magiging isa ito sa batayang kaalaman na may (16) labing-anim na ponemang katinig ngunit pinaniniwalaan pa rin ng una na binubuo ng (5) limang ponemang patinig ang wikang pinag-aaralan. Dahil sa ang wikang pinag-aaralan ay barayti ng wikang Filipino, naniniwala ang mananaliksik na may (5) ponemang patinig ang wikang Sinugbuanong Binisaya.

Mapapansin na nagkakaiba ang dalawa dahil sa glottal na tunog (ʔ) na mayroon kay Resuma samantalang walang glotal na tunog (ʔ) dahil sa ibinibilang ito bilang bantas na gitling sa pagitan dalawang patinig at pagitan ng katinig at patinig. Gayunman, kakikitaan pa rin ito ng kalinawan sa paglalahad at paglalarawan na may labinlimang ponemang katinig (15) gaya ng p, t, k, b, d, g, m, n, ng, l, r, s, h, w, y sapagkat binigyan ng mga halimbawang salita na tinataglay ang mga tunog kaya tinanggap ito ng mga estudyanteng Bisaya sa pamamagitan ng pagsasanay sa paggamit nito. Sa katunayan, matutunghayan ang apat na paraan at punto ng artikulasyon (tingnan ang Apendiks F). Batay sa tsart ng ponemang katinig ng wikang Sinugbuanong Binisaya, inilalarawan ang paraan at punto ng artikulasyon bilang iisa at hindi magkakatulad sa ponemang katinig ng wikang Filipino at maging ang paraan at punto ng artikulasyon ay nagkakaiba dahil may pitong paraan ng artikulasyon gaya ng pasara */p, b, t, ʔ, k, d, g/;* pailong na */m, n, N/;* pasutsot na */(f), (v), s, (z), h/;* prikatibo na */j/;* pagilid na */l/;* pakatal na */r/;* at malapatinig na */y, w/.* Samantalang ang pitong punto ng artikulasyon ay *panlabi na /p, b, m/;* panlabi-pangipin *na /(f), (v)/*; pangipin n*a /t, d, n*/; panggilagid na */s, z, l, r/;* pangngalangala na */y/*; panlalamunan na */k. g, n, (j), w/;* at impit/ glotal na */ʔ, h/.*

Maliwanag na ang punto at paraan ng artikulasyon ni Resuma ay naiiba sa wikang Sinugbuanong Binisaya. Bagay na binigyang-diin ng mananaliksik sa pagbuo ng PG upang mailarawan ang katangian ng ponemang katinig ng wikang Sinugbuanong Binisaya. Tulad ng mga salitang *papa, tutuk, katkat, babuy, dakdak, ganti, mama, nindot, ngitngit, lalum, saring, usisa, hayhay, wala, yugyug* na kakikitaan ng magkakaparehong grapema na taglay sa ikalawang pantig ng salita. Kaya lang, makikita na hiwalay ang paglalarawan sa glotal na tunog at ginamit ito bilang bantas at hindi bilang tunog gaya ng salitang *tam-is, sud-an*, at *inun-unan*, kaya hindi maituturing na mabisa sapagkat mahalagang isaalang-alang ang gamit ng punto at paraan ng artikulasyon sa ponemang katinig. Ang bagay na ito ay hahantong na hindi tinitingnan ang kagandahan sa pagbigkas ng salita.

**Talahanayan 1b**
*Pagsusuri sa Ponolohiya ayon kay Bourke (2005)*

| 6 K's (Bourke, 2005) | Mayroon | Wala |
|---|---|---|
| A. Ponemang Segmental<br>1. Ponemang Katinig | May kalinawan, at kapayakan sa paglalarawan sa;<br>* labinlimang ponemang katinig gaya ng / p, t, k, b, d, g, m, n, ng, l, r, s, h, w, y/ | -Walang katotohanan na;<br>*may labinlimang ponemang katinig bagkus merong labing anim kasama ang glotal na tunog; at<br>-Hindi naging komunikatibo kapaki-pakinabang ang mga gawain sapagkat;<br>*walang pagtatalakay ukol sa punto at paraan ng artikulasyo ng ponemang katinig. |
| 2. Ponemang Patinig | Taglay ang kalinawan, kapayakan at kaalamang-batayan sa paglalarawan na;<br>* may tatlong ponemang patinig gaya ng /a, i, u)<br>Hal: bana, ilis, tukud | Hindi gaanong tinaglay ang katotohanan, komunikatibo at kapaki-pakinabang ng mga ponemang patinig sapagkat;<br>* hindi tatlo kundi lima ang ponemang patinig gaya ng /a, i, o, u).<br>Hal: dila, bindeta, siko, bato, tukod |
| 3. Diptonggo | Ipinakita ang kalinawan, kapayakan at kaalamang-batayan na;<br>* may tatlong uri ng diptonggo gaya ng aw, ay at uy<br>Hal: bahaw, balay, kahuy | Hindi gaanong ipinakita ang katotohanan, komunikatibo at kapaki-pakinabang<br>* ang mga ibinigay na halimbawang salita sapagkat may anim na diptonggo gaya aw, ow, iw, uy, oy, at ay<br>Hal: bahaw, bungalow, bidlis pinuy-anan, kahoy, sakay |
| 4. Klaster | walang paglalahad sa bahaging ito | Walang paglalarawan sa klast kaya, hindi nasuri ito bagay n idagdag ng mananaliksik sa pagbuo ng PG. |
| B. Ponemang Suprasegmental<br>1. diin | May kalinawan at kapayakan sa paglalarawan ng;<br>*diin gaya ng malumi (paiwa), at maragsa (pakupya), (semi-vowel phoneme)<br><br>Hal: bagâ, dilì, mubû | -Walang katotohanan, kaalamang-batayan sa;<br>*diin dahil walang binanggit ukol sa mabilis at malumay n diin<br>Hal: atangí, tinda<br>- Hindi gaanong komunikatib kapaki-pakinabang ang mga gawain sa;<br>* diin sapagkat kulang na kul sa mga halimbawa. |
| 2. punto, tono at intonasyon | walang paglalahad sa bahaging ito | Walang paglalahad sa bahagi ito kaya sa nabuong PG ng mananaliksik kalakip ang pun tono at intonasyon sa paglalarawan. |
| 3. hinto | May katotohanan, kalinawan, kapayakan at kaalamang- | Hindi gaanong komunikatibo kapaki-pakinabang ang mga gawaing inilahad para sa; |

Ayon naman sa pananaw ni Bourke (2005), ang pedagohikal na gramar ay kinakailangang taglay ang anim na krayterya gaya ng katotohanan, kalinawan, kapayakan, komprehensibo, kaalamang-batayan, at

kapaki-pakinabang. Sa pagsusuring ginawa sa ponemang segmental, kapuna-puna na may kalinawan at kapayakan sa paglalarawan sa ponemang katinig, ponemang patinig, at diptonggo sapagkat ang tatlong ponemang patinig ay sadyang ipinapamalas sa kalikasan ng pagbigkas ng mga Bisaya. Kaya lang, batay sa tsart ng ponemang katinig sa punto at paraan ng artikulasyon, mahalagang maging angkop ang pagbigkas ng mga tunog upang maihatid nang tama ang kahulugan ng isang salita. Malinaw na merong kalinawan at kapayakan sa paglalarawan ng labinlimang ponemang katinig gaya ng / p, t, k, b, d, g, m, n, ng, l, r, s, h, w, y/ sa sinuring PG ng Sinugbuanong Binisaya ayon kay Pesirla (2012). Kaya lang, walang katotohanan na merong labinlimang ponemang katinig bagkus merong labing-anim kasama ang glotal na tunog /ʔ/ na ginagamitan ng bantas na gitling bagay na hiniwalay sa paglalahad ni Pesirla upang maipakita na hindi kabilang ang glotal na tunog sa ponemang katinig. Gayonpaman, sa nabuong PG ng mananaliksik, kasama sa paglalarawan ang glotal na tunog o impit sa ponemang katinig sa tsart ng punto at paraan ng artikulasyon. Hindi naging komunikatibo at kapaki-pakinabang ang mga gawain sapagkat walang pagtatalakay ukol sa sa punto at paraan ng artikulasyon ng ponemang katinig. Kaya, sa pagbuo ng PG ng mananaliksik binigyang-diin ang labing-anim na ponemang katinig sa tulong ng pagpapalawak at pagbibigay ng mga halimbawa partikular ang glotal na tunog.

Ang ikalawang bahagi ay ponemang suprasegmental na tumtukoy sa tono, haba, diin at antala ng pagsambit ng salita upang mas magkaroon ng makabuluang tunog. Sinisimbolo nito ang notasyong ponemiko upang matukoy ang paraan ng pagbigkas ng isang salita (Resuma, 2002). Samantala, ayon naman Pesirla (2012), ang Sugbu-anun'g Binisaya ay isang ponetikong wika, dahil sa nakabatay ito sa pantig kung binibigkas, may diin man o wala ang isang salita, lahat ng pantig ay binibigyang-diin ang patinig. Ibig sabihin, binibigyang-halaga ang pagbigkas ng patinig dahil nagtataglay ito ng makahulugang yunit. Batay sa sinuring PG ni Pesirla masasabing may binanggit na dalawang uri ng diin gaya ng malumi gaya ng *atù* at maragsa katulad ng *putî.* Maliwanag na may katotohanan, kalinawan, kapayakan, at kaalamang-batayan ang sinabi ni Pesirla ukol sa diin sapagkat naniniwala siya na likas ang matigas na tunog ng wikang Sinugbuanong Binisaya. Gayunman, sa pagsusuri na ginawa ng mananaliksik, napupuna niyang bukod sa malumi at maragsa na diin mayroon ding mabilis at malumay gaya ng salitang *ablí* at *saya.* Kaya, sadyang walang katotohanan at kaalamang-batayan na mayroon lang dalawang uri ng diin ang Sinugbuanong Binisaya at higit sa lahat, hindi gaanong komunikatibo at kapaki-pakinabang ang mga gawaing ginamit sa pagsasanay ng mga estudyante sa pagbigkas ng salitang may diin dahil sa kulang na kulang ito paglalarawan. Dahil dito, sa pagbuo ng PG ng mananaliksik, ang malumay, malumi, mabilis, at maragsa na diin ang binigyang-pokus upang magiging malawakan ang paglalarawan sa diin. Dagdag pa ang mga punto, tono, intonasyon, at hinto upang maging buhay at makabuluhan ang pagsambit gamit ang wikang Sinugbuanong Binisaya.

Samakatuwid, batay sa 6K's ni Bourke (2005), may kalinawan at kapayakan sa paglalarawan sa ponemang segmental ayon sa ponemang katinig, ponemang patinig, diptonggo habang hindi gaanong ipinapakita ang katotohanan, kaalamang-batayan bunga ng kakulangan sa pagiging komunikatibo at kapaki-pakinabang na mga gawaing angkop sa kakayahan ng mga estudyante sa paggamit ng wikang Sinugbuanong Binisaya. Sa kabilang banda, sa ponemang suprasegmental may kalinawan at kapayakan sa diin na malumi at maragsa lamang, walang mabilis at malumay na sadyang tinataglay din ng wikang pinag-aaralan. Samantalang, walang sapat na katotohanan, kaalamang-batayan, komunikatibo at kapaki-pakinabang na pagtalakay sa klaster kaya naging matindi ang adhikain ng mananaliksik na dagdagan ng pagtalakay ukol dito sa binuong PG ng wikang Sinugbuanong Binisaya gayundin ang punto, tono, intonasyon at hinto bilang mahalagang paraan ng pagsambit ng salita upang makabuo ng iba pang kahulugan.

Ang talahanayan 1c ay nagpapakita ng pagsusuri sa ponolohiya ng PG ng Sinugbuanong Binisaya ni Pesirla (2012) batay sa pananaw kognitibo at komunikatibo ni Newby (2015). Ayon sa kaniya, ang pedagohikal na gramar ay kombinasyon ng paglinang at paghahasa sa kognitibo at komunikatibong kakayahan ng mga estudyante sa wikang inaaral. Sinasabing kognitibo kung ang wika ay likas na natutuhan ng mga estudyante. Kaya sa pag-aaral ng wika, mainam na may matibay na pundasyong kaalaman sa kalikasan ng wika bilang paghahanda sa paggamit nito sa anomang uri ng diskurso. Dagdag pa niya, ang kognitibong pananaw sa pag-aaral ng wika ay nangangailangan ng tamang proseso sa pangkalahatang impormasyon at lingguwistikang

impormasyon na partikular upang maimapa nang maayos ang paraan ng komunikasyon. Sa kabilang dako naman, ang komunikatibong pagsusuri ay maaaring simulan sa pragmatika, pag-uugnay-ugnay sa diskurso, at direksiyong batay sa konteksto. Kung kaya, sa pagsusuri ng mananaliksik, mapapansing may pagkakognitibo sa paglalahad ng ponemang segmental gaya ng ponemang katinig, ponemang patinig, at diptonggo kaya lang hindi gaanong komunikatibo ang mga pagsasanay at mga gawaing inihain ng PG ng Sinugbuanong Binisaya ni Pesirla sapagkat kulang sa impormasyon ang mga inilahad upang lubusang maintindihan ang ponemang segmental.

**Talahanayan 1c**
*Pagsusuri sa Ponolohiya ayon kay Newby (2015)*

| Kognitibo at Komunikatibo (Newby, 2015) | Mayroon | Wala |
|---|---|---|
| A. Ponemang Segmental<br>1. Ponemang Katinig | Kognitibo ang paglalahad sa labinlimang katinig gaya ng /p, t, k, b, d, g, m, n, ng, l, r, s, h, w, y/ | Hindi komunikatibo sapagkat walang paglalarawan sa paraan at punto ng artikulasyon sa bawat ponemang katinig |
| 2. Ponemang Patinig | Kognitibo ang pagbibigay ng mga halimbawang salita na may tatlong ponemang katinig /a, i, u/<br>Halimbawa: basa, bayli, ulu | Walang komunikatibong pagsasanay sa pagbigkas ng ponemang /e, o/<br>Halimbawa: bayle at ulo |
| 3. Diptonggo | Kognitibo ang pagtalakay sa tatlong uri ng diptonggo /aw, ay, uy/<br>Halimbawa: handuraw, balay, kahuy | Walang komunikatibong paglalahad at gawain sa diptonggo gaya ng /iw, ow, oy/<br>Halimbawa: agiw, bungalow, kahoy |
| 4. Klaster | Walang nabanggit | Walang pagtatalakay ukol sa klaster kaya hindi nalilinang ang kakayahang kognitibo at komunikatibo |
| B.Ponemang Suprasegmnetal<br>1. Diin | Kognitibo ang paraan ng paglalahad sa dalawang uri ng diin gaya ng malumi at maragsa | Walang komunikatibong gawain para sa diin na mabilis at malumay<br>Halimbawa: arí at balay |
| 2. Tono, punto at intonasyon | Walang nabanggit | Hindi nalinang ang kognitibo at komunikatibo kakayahan sapagkat walang paglalarawan ukol sa tono, punto at intonasyon |
| 3. Hinto | Walang nabanggit | Hindi nalinang ang pagiging kognitibo at komunikatibo dahil sa walang paglalarawan ukol sa hinto |

Kapansin-pansin na may dalawang pamamaraang ginamit sa sinuring pedagohikal na gramar; paggamit ng teksto at pagganap sa mga gawain na ginamit na lunsaran ang teksto. Malinaw na inaatas ng guro sa mga estudyante ang pagdadala ng teksto mula sa editoryal ng pahayagan upang magamit na kagamitan pagkatapos ng talakayan sa klase. Batay sa pagkaunawa ng mananaliksik, may proseso sa pagsukat ng kaalaman ng mga estudyante sapagkat may gawain na ipapagawa ang guro sa dinalang editoryal sa klasrum. Binibigyan ng

pagkakataon ng guro ang mga estudyante na bumuo ng rasyonal ukol sa naiintindihan sa editoryal at pagkatapos, susuriin ang teksto sa pamamagitan ng pagkilala sa mga maling baybay nito alinsunod sa tuntuning panggramatika na natutuhan sa Sugbu-anun'g Binisaya. Nagkakaroon ng interaksiyon ang bawat estudyante sa kung ano ang nauunawaan sa editoryal sa tulong ng pagbibigay-reaksiyon sa pamamagitan ng balik-sulat. Ang balik-sulat ay isang uri ng malikhaing paglalahad ukol sa mensahe o nahihinuha sa binasang teksto.

**Talahanayan 2a**
*Pagsusuri sa Morpolohiya ayon kay Resuma (2002)*

| Komunikatibo (Resuma, 2002) | Mayroon | Wala |
|---|---|---|
| Kayarian ng Salita<br>1. Morpema | May kalinawan at pagtanggap sa paggamit ng:<br>*malayang morpema gaya ng *tam-is* at di-malayang morpema tulad ng *pinaka, an; pag, in, ay*; at *ma*, *un*<br>Hal: pinakatam-isan, pagminahalay, malinawun | Walang kabisaan at katipiran sa paggamit ng unlapi at hulapi sapagkat hindi maganda pakinggan sa tainga<br>Hal: pinakatam-isan (pinakatam-is), malinawun (malinawon) |
| 2. Morpemang leksikal | May kalinawan at pagtanggap sa paggamit bilang bahagi ng pananalita gaya ng:<br>* pangngalan, pang-uri, pang-abay at pandiwa<br>Hal: buktun, tambuk, kusug at sulat | Walang kabisaan at katipiran sapagkat;<br>* hindi gaanong nalinang ang kakayahang komunikatibo sapagkat nakatuon lamang ang mga pagsasanay sa kakayahang lingguwistika |
| 3. Morpemang gramatikal | May kalinawan at pagtanggap sa salitang pangkayarian tulad ng:<br>* panghalip, pang-ugnay, at pang-ukol<br>Hal: aku, hinu-un, sa | Walang kabisaan at katipiran sapagkat;<br>*ang mga gawain ay nakapokus sa paglinang ng kakayahang linggwistikal |
| 4. Morpemang impleksyonal | May kalinawan at pagtanggap sa:<br>*paglalapi ng salita na hindi nagbabago ang bahagi ng pananalita<br>Hal: daku (pang-uri) kinadaku-an (pang-uri) | Walang kabisaan at katipiran dahil sa;<br>* nakatuon lamang ang mga gawain sa gramatika hindi madulas pakinggan ang mga salitang ginamit<br>Hal: kinadaku-an (kinadak-an) |
| 5. Morpemang deribasyonal | May kalinawan at pagtanggap sa:<br>*pagbabago ng bahagi ng pananalita kapag nilalapian<br>Hal: hilak (pandiwa) kahilakun (pang-uri) | Walang kabisaan at katipiran sapagkat;<br>* hindi malinaw ang tuntunin sa paglalapi at hindi sapat ang mga gawaing komunikatibo<br>Hal: ang salitang pandiwa ay magiging pang-uri kung kinakabitan ng panlaping *ka* at *on* gaya ng *ka*hilak*on* |
| 6. Ingklitik o kataga | May kalinawan at pagtanggap sa:<br>*mga ingklitik o kataga na kasama sa mga pangnilalamang salita bilang pananda<br>Hal: si, sina, nga, ug, ka | Walang kabisaan at katipiran sapagkat;<br>*hindi detalyado ang tuntunin sa paggamit ng ingklitik bilang pananda<br>Hal: ang ingklitik na si ay sinusundan ng pangngalan ng tao |

Maituturing itong isang alternatibong pagtataya sapagkat may sapat na kalayaan ang mga estudyante na bumuo ng kanilang sariling obra na tutugon sa hinihingi ng guro. Sa madaling salita, nagsisilbing pagtataya ang gawaing pangkomunikatibo sa sinuring pedagohikal na gramar dahil ibinigay ito pagkatapos talakayin sa klase ang paksa. Nangangahulugan lang na mahalagang magkaroon ng mga gawaing pangkomunikatibo sa pagtuturo ng wikang Sinugbuanong Binisaya na magtatawid sa pagkatuto nito lamang, limitado ang ibinigay sa sinuring pedagohikal na gramar. Kaya, sa gagawing pedagohikal na gramar, sinikap ng mananaliksik na maging pangkomunikatibo ang pagtuturo ng wikang Sinugbuanong Binisaya sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga gawaing pangkomunikatibo bilang pagsasanay, pagtataya, at gawaing pang-akademiko na siyang lilinang sa pag-unawa ng mga estudyante. Totoo ngang mahalagang magkaroon ng mga gawaing pangkomunikatibo sa pagtuturo ng wika. Nagsisilbing tulay ito upang maging magaan ang proseso ng pagtuturo tungo sa pagtatamo ng pagkatuto. Ito ay kakikitaan ng higit na kinakailangan nang sa gayon, mas mapalalim at mapagyaman pa ang natutuhan ng mga estudyante ukol sa wikang pinag-aralan.

Kung kaya, para kay Newby (2015), lumitaw na may pagkakognitibo sa pagtalakay sa ponemang segmental kaya lang hindi kasama ang klaster sapagkat walang paglalarawan ukol dito habang walang gaanong kalinangan sa kakayahang komunikatibo sapagkat limitado ang mga pagsasanay at gawain sa paglinang ng kakayahang lingguwistika. Sa tulong ng tatlong pananaw, pagyamanin ang pagtalakay sa ponemang segmental ayon sa: punto at paraan ng artikulasyon ng ponemang katinig na binubuo ng labing-anim kasama ang glotal na tunog; limang ponemang patinig; anim na uri ng diptonggo; at klaster habang inisa-isa sa paglalahad ang ponemang suprasegmental ayon sa: diin, punto, tono, intonasyon, at hinto sa pamamagitan ng paghain ng iba't ibang komunikatibong gawain nang sa gayon ay matamo ang pamantayan sa isang PG nina Resuma (2002), Bourke (2005) at Newby (2015).

Batay sa talahanayan 2a, mapapansin na tinalakay sa pedagohikal na gramar ni Pesirla (2012), ang morpolohiya batay sa pagbubuo ng salita parrtikular sa mga uri ng morpema. Ito ay isang pag-aaral ng hirarkikal at relasyonal na aspekto ng mga salita at ang operasyon nito sa leksikal na aytem ayon sa mga tuntunin sa pagbuo ng salita upang makalikha ng iba pang leksikal na aytem (Leong at Parkinson, 1995). Sa komunikatibong pananaw ni Resuma, napapalooban ng dalawang bahagi ang morpolohiya; morpema na nahahati sa limang kategorya gaya ng morpema, morpemang leksikal, morpemang gramatikal, morpemang impleksyonal, morpemang deribasyonal, at mga ingklitik o kataga. Sa kabilang banda, tinawag naman na sintaktik analisis nina Arnoff and Fudeman (2005), ang pagsasama-sama ng malayang morpema at di-malayang morpema upang makabuo ng isang salita. Ang morpema ay isang yunit ng gramar na ang ayos nito ay tinitiyak sa sintaksis at ang resultang pagsasaayos nito ay ginagamit upang matuklasan ang anyo ng pagpapahayag o pagsambit (Koutsoudas, 1963). Nangangahulugang magkakaroon ng kahulugan ang isang salita kung ginagamit sa pangungusap. Nararapat lang sa isang manunuri na may sapat na kaalaman sa ponolohiya at sintaksis bago magsuri sa morpolohiya. Patunay ang wika ni Jacob (1972), ang dahilan kung bakit hindi gaanong binigyang-tuon ang morpolohiya sapagkat ang mga lingguwista ay kulang sa pangganyak kung alin ba talaga ang mas pagtuuonang-pansin; ang sintaksis ba o ponolohiya. Dagdag pa ang kakulangan ng krayterya o batayan sa pagsusuri ng salita (Mey, 1972). Sa ganitong kalagayan, mahalagang magkaroon ng kalinawan sa mga tuntunin ng morpolohikal analisis. Mula sa nabanggit na mga pag-aaral, malinaw na wala pang gaanong katiyakan kung anong mas bibigyang-tuon sa pagsusuri ngunit napupuna ng mananaliksik na mas mainam ituon ang pagbuo ng PG ng Sinugbuanong Binisaya sa mga tuntunin sa pagbuo ng salita.

Samakatuwid, ayon kay Resuma (2002), ang morpolohiya sa PG ng wikang Sugbu-anun'g Binisaya ni Pesirla (2012) ay napapalooban ng anim na bahagi: morpema, morpemang leksikal, morpemang gramatikal, morpemang impleksyonal, morpemang deribasyonal, at ingklitik o kataga na kung saan may kalinawan at pagtanggap sa paglalarawan sa tulong ng mga halimbawang salita ngunit hindi gaanong kakikitaan ng kabisaan sapagkat kulang na kulang sa mga gawaing komunikatibo at higit sa lahat ay hindi gaanong nagpapamalas ng katipiran sa ilang mga salitang ginamit dahil sa ginamit na tuntunin sa pagbaybay batay sa tatlong ponemang patinig. Mahalagang matamo ang kalaman sa morpolohiya upang magkaroon ng kakayahang kognitibo sa paggamit at may pag-unawa sa estrukturang morpolohikal sa natural na pakikipag-usap (Kuo at Anderson, 2006).

Sa katunayan, napakaraming pag-aaral na nagsasabi na mahalagang may taglay na kaalaman sa morpolohiya sapagkat may kakayahan na ito sa bokabularyo.

**Talahanayan 2b**
*Pagsusuri sa Morpolohiya ayon kay Bourke (2005)*

| 6K's (Bourke, 2005) | Mayroon | Wala |
|---|---|---|
| Kayarian ng Salita<br>1. Morpema | May katotohanan, kalinawan, kapayakan at kaalamang-batayan<br>*malayang morpema gaya ng *linaw* at di-malayang morpema tulad ng *ma*, *un*<br>Hal: malinawun | Hindi gaanong komprehensibo ang paglalarawan sa tulong ng paglalahad sa mga tuntunin sa pagbuo at kapaki-pakinabang na mga gawain<br>Hal:<br>*ang panlaping *ma* at *un* ay ikinakabit sa malayang morpema na naglalarawan (pang-uri)<br>Hal: ma + linaw (pang-uri) + un = malinawun<br>*ang panlaping un/on ay maaaring malayang magpalitan<br>Hal: ma + linaw (pang-uri) + un = malinawon |
| 2. Morpemang leksikal | May katotohanan, kalinawan, kapayakan, at kaalamang-batayan sa paggamit ng mga salita bilang bahagi ng pananalita gaya ng:<br>* pangngalan, pang-uri, pang-abay, at pandiwa<br>Hal: buhuk, lapad, ka-ayu, katkat | Hindi gaanong komprehensibo at kapaki-pakinabang ang mga gawaing inihain<br>sapagkat nakatuon lamang ang mga pagsasanay sa kakayahang lingguwistika<br>* ang paggamit ng ponemang u sa salitang buhuk (buhok) at kaayu (kayo) ay hindi gaanong maganda pakinggan sa tainga<br>*pagsambit na may hinto sa salitang ka-ayu sa halip na kaayo |
| 3. Morpemang gramatikal | May katotohanan, kalinawan, kapayakan, at kaalamang-batayan sa<br>* panghalip, pang-ugnay, at pang-ukol<br>Hal: ikaw, apan, ni | Hindi gaanong komprehensibo ang paglalarawan sa panamdam sapagkat hindi mahilig sa paggamit ng mga salitang nagsasaad ng ekspresyon gaya ng huy/hoy!, uy/oy at hindi ito naghahatid ng kapakinabangan sa pagbuo ng salita |
| 4. Morpemang impleksyonal | May kalinawan, katotohanan, kapayakan, at kaalamang-batayan<br>*panlaping unlapi na hindi nagbabago ang bahagi ng pananalita<br>Hal: mu, mag, maka<br>*kaun (pandiwa)<br>*muka-un<br>*magka-un<br>*makaka-un | Hindi gaanong komprehensibo ang paglalarawan sa dahilan ng pagsambit na may hinto kapag nilalapian sa unahan ang salitang-ugat na kaon at naghahatid ng kalituhan ang paggamit ng ponemang u sa halip na o sa salitang kaun/kaon kaya hindi gaanong naghahatid ng kapakinabangan ang pagtalakay ukol dito |
| 5. Morpemang deribasyonal | May katotohanan, kalinawan, kapayakan, at kaalamang-batayan<br>*pagbabago ng bahagi ng pananalita kapag nilalapian<br>Hal: sulti (pandiwa) ikasulti (pangngalan) | Hindi gaanong komprehensibo ang pagtalakay sa mga tuntunin sa paglalapi na nakapagbabago ng bahagi ng pananalita ng salita kaya nagdudulot ito ng hindi kapakinabangang mga pagsasanay<br>Hal: ang pandiwa ay maaaring maging pangngalan kung kinakabitan ng panlaping *ika-* |

Ang epekto ng kabatirang morpolohikal na may epektong kabatirang ponolohikal na maitataguyod ang kasanayan sa pagbasa at katatasan sa pagkontrol ng maikling memorya at bokabularyo (McBride- Chang, 2005; Singson et al., 2000) at para sa berbal at di-berbal na karunungan (Deacon & Kirby, 2004). Binigyang-diin sa

mga binanggit na pag-aaral na may malaking epekto sa ponolohiya at kasanayan sa pagbasa at katatasan sa pagsasalita ang pag-aaral sa morpolohiya. Bagay na pinaniniwalaan din ng mananaliksik sapagkat ang kaalaman sa tunog ay matibay na pundasyon para mas maintindihan ang anyo at gamit ng salita. Sa ganitong sitwasyon, maliwanag na isinasaad na deskriptibong gramar ang wikang Sugbu-anun'g Binisaya sapagkat nakatuon ito sa estruktura ng wika. Kaya, sa pagbuo ng pedagohikal na gramar ng wikang Sinugbuanong Binisaya, hindi nakatuon ang mga uri ng morpema sa halip, binigyang-diin ang mga tuntunin sa pagbabagong morpoponemiko, paglalapi, at mga bahagi ng pananalita partikular ang mga pangnilalamang salita.

Sa pagsusuri sa krayterya ng pedagohikal ni Bourke (2005), kakikitaan ito ng katotohanan sapagkat ginagamit ang mga salita sa pang-araw-araw na pakikisalamuha ng tao. Masasabing may kalinawan ang paglalahad at pagpapaliwanag sa mga paksa ukol sa morpolohiya dahil may angkop at wastong mga halimbawang ibinigay. Nagpapamalas din ito ng kapayakan at kaalamang-batayan sapagkat maayos at malinaw ang pagkakapaliwanag na gumamit ng talahanayan upang sistematikong maihanay ang katangian ng bawat anyo ng wika. Samantalang, hindi gaanong kakikitaan ng krayterya na pagiging komprehensibo sapagkat hindi tiniyak ang mga tuntunin sa paglalapi gaya ng panlaping ma at un ay ikakabit sa malayang morpema na naglalarawan (pang-uri) katulad ng ma + linaw (pang-uri) + un na magiging malinawun at ang panlaping un/on ay maaaring malayang nagpapalitan gaya ng ma + linaw (pang-uri) + on na magiging malinawon. Taglay din ang katulungan na krayterya dahil ang mga ibinigay na halimbawa ang naglalarawan sa kilos at gawi ng mga gumagamit ng wika. Kaya lang, hindi sapat ang mga gawaing komunikatibo sapagkat kulang na kulang ang inihain pagkatapos ng pagtalakay. Sa bahaging ito, mainam na sa bawat pagtatapos ng paksang-aralin ay may inihandang mga gawaing komunikatibo. Ang paggamit sa mga gawaing komunikatibo ay may malaking gampanin sa pagtuturo ng pangalawang wika sapagkat nagkakaroon ng kabatiran ang mga estudyante sa kahulugan at anyo ng target na wika (Nassaji at Fotos, 2004; Thompson, 1996). Kung kaya, sa ginawang pedagohikal na gramar ay inisa-isa ang mga tuntunin sa paglalapi ng salitang-ugat na may ponemang patinig na /u/o/ na may kasamang mga gawaing lumilinang sa kakayahang komunikatibo.

Sa kabuuan, batay sa anim na krayterya ni Bourke (2015), may katotohanan, kalinawan, kapayakan at kaalamang-batayan sa paglalarawan ng morpema, morpemang leksikal, morpemang gramatikal, morpemang impleksyonal, morpemang deribasyonal, at mga ingklitik o kataga sa tulong ng pagbibigay-deskripsyon at mga halimbawang salita. Samantalang, hindi gaanong komprehensibo at kapaki-pakinabang ang mga gawaing ibinigay sa mga estudyante upang ganap na matamo ang kakayahang komunikatibo sapagkat nalilinang lamang ang kakayahang gramatikal at hindi napapabilang ang kakayahang diskorsal, kakayahang sosyo-lingguwistika, at kakayahang estratehikal.

Batay sa talahanayan 2c, mapapansin na may pagkakognitibo ang paglalahad sa bawat uri ng morpema na binibigyang-diin ang anyo at gamit ng morpema sa komunikasyon. Ayon kay Newby (2015), ang pedagohikal na gramar ay nakatuon sa kognitibong pananaw na ibig sabihin, ang lahat ng mga natutuhan ay dumadaan sa tamang proseso sa utak ng tao. Mahalagang banggitin na kapag nag-aaral ng wika, laging kaakibat ang mental na aspekto upang higit na maintindihan ang gramar. Binubuo ng anim na bahagi ang morpolohiya sa PG ng Sinugbuanong Binisaya ni Pesila katulad ng anyo ng morpema, morpemang leksikal, morpemang gramatikal, morpemang impleksyonal, morpemang deribasyonal, at mga ingklitik o kataga. Maliwanag na sa paglalahad ng bawat anyo, kakikitaan ng pagkakognitibo sapagkat may binigyang-deskripsyon ang bawat anyo at may kaakibat na mga halimbawa. Pansinin na may dalawang anyo ang morpema; malayang morpema at di-malayang morpema na kung saan binigyang-kahulugan ayon sa estruktura nito gaya ng salitang *tam-is* na kung maaaring tawaging salitang-ugat at payak na salita na maaaring lapian upang makabuo ng iba pang kahulugan habang ang di-malayang morpema gaya ng /pinaka, an/, /pag, in, ay/, /ma, un/. Bagay na ipinapakita rin sa iba pang anyo ng morpema gaya ng morpemang leksikal na nagsasaad ng bahagi ng pananalita katulad ng *buhuk* (pangngalan), *basa* (pandiwa), *tambuk* (pang-uri), at *hinay* (pang-abay).

**Talahanayan 2c**

*Pagsusuri sa Morpolohiya ayon kay Newby (2015)*

| Kognitibo at Komunikatibo (Newby, 2015) | Mayroon | Wala |
|---|---|---|
| Kayarian ng Salita<br>1. Morpema | May pagka-kognitibo ang pagkakalahad sa morpema sapagkat nakabatay ito sa dalawang anyo;<br>*malayang morpema<br>Hal: tam-is<br>*di-malayang morpema<br>*pinaka, an<br>*pag, in, ay<br>*ma, un | Hindi gaanong komunikatibo sapagkat ang mga halimbawang ibinigay ay hindi gaanong batay sa realidad at nakatuon lang ang mga gawain sa pagkilala o pagtukoy sa tamang paglalapi na nalilinang ang kakayahang lingguwistika.<br>Hal:<br>*Basahin nang pasalita ang teksto at pagkatapos kilalanin ang salita kung malayang o di-malayang morpema |
| 2. Morpemang leksikal | May pagkakognitibo sapagkat naglalarawan ng gamit ng morpemang leksikal bilang bahagi ng pananalita<br>Hal:<br>*buhuk (pangngalan)<br>*basa (pandiwa)<br>*tambuk (pang-uri)<br>*hinay (pang-abay) | Hindi gaanong komunikatibo sapagkat ang mga ibinigay na halimbawang salita ay hindi hango sa sitwasyong kinabibilangan ng mga estudyante na nagagawang maisanib sa tunay na buhay at ang mga gawaing ibinigay ay hindi nakalilinang ng paggamit ng wika sa sariling konteksto<br>Hal:<br>*Pagsusuri sa teksto batay sa morpolohikal na estandard ng Sinugbuanong Binisaya |
| 3. Morpemang gramatikal | May pagkakognitibo dahil sa naglalahad ng gamit ng mga panghalip, pang-ugnay, at pang-ukol sa pangungusap<br>Hal: sila, kang, hinu-un<br>*Sila ang magsusuwat. | Hindi gaanong komunikatibo ang pagbibigay ng mga gawain para sa mga estudyante. Ang kakulangan ng mga gawaing komunikatibo ay nagbubunga ng hindi lubusang pagkatuto sa gramar.<br>Hal:<br>*Sumulat ng balik-sulat ukol sa binasang teksto na ginagamitan ng mga morpemang gramatikal |
| 4. Morpemang impleksyonal | May pagkakognitibo sa paglalapi ng panlaping unlapi sapagkat ang mga panlaping ginamit ay nagsasaad ng kilos kaya hindi nagbabago ang bahagi ng pananalita<br>Hal: i, a<br>*i + sulti (pandiwa) = isulti<br>* pamati (pandiwa) + a = pamati-a | Hindi gaanong komunikatibo ang paglalarawan sa morpemang impleksyonal sapagkat kulang na kulang sa mga gawaing lumilinang sa kakayahang pragmatik at kakayahang kontekstuwal.<br>Hal:<br>*Lagyan ng panlapi ang salitang-ugat upang makabuo ng morpemang impleksyonal na salita |
| 5. Morpemang deribasyonal | May pagkakognitibo sa paraan ng paglalahad sa mga morpemang deribasyonal sa tulong ng pagtatala ng mga panlaping naging sanhi ng | Hindi gaanong komunikatibo ang pagkakalatag sa mga gawain dahil sa nakatuon lamang ito sa paglinang sa kakayahang gramatikal at diskorsal at walang gawaing lumilinang sa |

Gayundin, ang mga morpemang gramatikal na nagbibigay-diin sa tinutukoy o pinag-uusapan gaya ng *sila* (panghalip), *kang* (pang-ugnay), at *hinu-un* (pang-angkop). Malinaw na nakatuon ang morpemang leksikal at gramatikal sa malayang morpema o mga salitang taglay ang kahulugan. Sa kabilang dako, binubuo ng malayang morpema at di-malayang morpema ang morpemang impleksyonal na sa kabila ng paglalapi ay hindi nagbabago ang bahagi ng pananalita gaya ng *i* + *sulti* na naging *isulti* (pandiwa). Samnatalang ang deribasyonal ay hindi nagbabago ang bahagi ng pananalita partikular ang mga salitang pang-uri gaya ng *nagma* + *lipay* + *un* na nagiging *nagmalipayun*, *magma* + *lipay* + *un* na nagiging magmalipayun. Batay sa mga halimbawang nabanggit, kapuna-puna na nagsasaad ng aspekto ng pagiging masaya ang mensahe nito, ibig sabihin hindi nakakaapekto ang pagbabago ng panlaping nilalapi sa salitang *lipay* (saya) sa kahulugan nito. Patunay lamang ito na hindi lahat

ng di-malayang morpema ay nakakapagbago sa kahulugan ng salita. Maituturing naman na pagdidiin tungo sa pagiging makabuluhan ang gamit ng mga ingklitik o kataga na binigyang-depinisyon ang mga halimbawa upang maintindihan kaya lang nasasabi ng mananaliksik na kahit may malinaw na paglalahad sa kaligiran ng mga morpema, kapansin-pansin pa rin na ang mga natamong kaalaman ay hindi gaano kalalim kung walang angkop na gawain na lumilinang sa kakayahang komunikatibo.

## 4. Pagsusuri sa Sintaksis

**Talahanayan 3a**

*Pagsusuri sa Sintaksis ayon kay Resuma (2002)*

| Komunikatibo (Resuma, 2002) | Mayroon | Wala |
|---|---|---|
| 1. Paggamit ng iba't ibang anyo ng Pahayag<br>1.1 Paggamit ng Panaguring Pangungusap | May kalinawan at pagtanggap sa:<br>-Pangngalang Panaguri<br>*Hal. Magtutudlu si Ramon<br>-Pang-uring Panag-uri<br>*Hal. Ma-anyag si Emma.<br>-Pang-abay na Panag-uri<br>*Hal. Sunud adlaw ang bunyag<br>-Pang-ukol na Panag-uri<br>*Hal. Mahitungod sa gugma ang saysay | Walang kabisaan at katipiran sa:<br>-Panaguring eksistensyal<br>*Hal: *Adunay bag-ong senina* si mama.<br>-Panaguring modal<br>*Hal: *Kinahanglan ninyo* ang akong tabang. |
| 1.1.2 Pariralang pandiwa | -Transitibong pandiwang panag-uri + layon ng pandiwa + paksa<br>*Hal. Nikaun ug pan ang bata.<br>-Transitibong pandiwang panag-uri + paksa + layon ng pandiwa + di-layon ng pandiwa<br>*Hal. Nihatag siya ug kwarta sa anak.<br>-Transitibong pandiwang panag-uri + bagay na komplemento + bagay + paksa<br>*Hal. Nanghulam kanaku ug kwarta si Sandra.<br>- Transitibong pandiwang panag-uri + paksa at bagay + bagay na komplemento<br>*Hal. Nipalit ku ug singsing alang kanimu.<br>-Transitibong pandiwang panaguri + paksa at bagay + pariralang pang-angkop<br>*Hal. Mu-kaun ku ug pansit pina-agi sa tsapstik. | Hindi gaanong nagpapamalas ng kabisaan at katipiran ang pagtalakay sa pariralang pandiwa sapagkat nagiging komplikado ang anyo kung gayon, mas mainam na nakatuon sa:<br><br>-Aksiyon<br>*Hal: *Gikatkat* namo ang kahoy.<br>-Proseso/Pangyayari<br>*Hal: *Namista diay* sila papa.<br>-Karanasan<br>**Nalipay* si kuya. |
| 1.2 Paggamit ng Paksang Pangungusap | Walang binanggit ukol sa mga uri ng paksa gaya ng pangngalan, panghalip, pang-uri, pandiwa, pang-abay, eksistensyal, at pang-ukol | Walang kalinawan, pagtanggap, kabisaan, at katipiran ukol sa mga uri ng paksa ng pangungusap dahil hindi ito kabilang sa paglalahad<br>-Pangngalan/Panghalip<br>*Nanglimpyo og maayo *ang inahan.*<br>*Nakit-an kini *nako*.<br>-Pang-uri<br>*Nakadaog sa pagkanta *ang pinakamaayo sa tanan.* |

Ang sintaksis ay isang pag-aaral sa pagbuo ng pangungusap. Saad ni Bunye at Yap (1971), ang Sinugbuanong pangungusap ay binubuo ng paksa at panaguri. Sinabi ni Resuma (2002), gumagamit ang mga Pilipino ng pangungusap upang makapagbigay ng sari-saring impormasyon at makapagpahayag ng iba't ibang reaksiyon. Ayon naman kay Pesirla (2012), ang estruktura ng pangungusap ay tinatawag na sintaksis ng mga lingguwista: pagsasaayos ng salita. Ayon kay Linda (1993), isang paraan sa pag-aaral ng sintaksis ay pagtingin sa mga pangungusap na kumikilala sa anyong sintaktikal ng mga gumagamit ng wika. Ibig sabihin, mas mainam na suriin ang gamit ng anyong sintaktikal sa paraang komunikatibo upang matukoy ang saysay nito sa komunikasyon.

Makikita sa talahanayan 3a, batay sa pananaw ni Resuma (2002), magiging komunikatibo ang pagtuturo ng gramar kung naaayon sa realidad ang paglalahad at pagtatalakay nito. Kaya, sa kaniyang PG ng wikang Filipino na ginawa, masasabing naiiba ang anyo ng bahaging sintaksis. Sa katunayan hindi niya ginamit ang salitang sintaksis bagkus ay gumamit siya ng terminong paglalahad, pagpapahayag, at pagbuo ng mga impormasyon, saloobin, diskurso ayon sa realidad o tunay na sitwasyon. Ginawang batayan sa pagsusuri ang mga anyong binanggit, kaya ito ang napansin ng mananaliksik. Una sa paglalahad ng mga impormasyon at realidad, ipinapakita na may dalawang bahagi: panaguring pangungusap at paksang pangungusap. Batay sa krayterya ng pagiging komunikatibo ni Resuma (2002), lumabas na may kalinawan at pagtanggap sa mga panaguring pangungusap na nasa anyong pangngalan, pang-uri, pang-abay, pang-ukol, at pandiwa. Katulad halimbawa ng panaguring pangngalan na *magtutudlu* bilang panaguri na tumuturing sa paksang si Ramon; sa panaguring pang-uri naman ang *ma-anyag* si Emma*;* may anyong pang-abay gaya ng *sunod* mula sa pangungusap na *Sunud adlaw ang bunyag*; at panaguring pang-ukol na *mahitungod sa* gugma ang saysay. Samantalang, walang kabisaan sa paglalarawan ng panaguring eksistensyal gaya ng *adunay bag-ong senina* si mama. Naglalarawan ito ng pagkamayroon sa pinag-uusapan ng panngungusap na binigyang-diin sa panaguri at panaguring modal tulad ng *kinahanglan ninyo* ang akong tabang. Higit sa lahat, hindi gaanong maganda pakinggan ang mga salitang ginamit gaya ng *ma-anyag* sa halip na *maanyag*; *sunud* sa halip na *sunod*; at *magtutudlu* sa halip na *magtutudlo* sapagkat ang salitang maanyag ay walang gitling o walang diin gayundin ang salitang sunod at tudlo dahil hindi malayang nagpapalitan ang ponemang patinig na /o, u/, kung kaya hindi tama ang pagkakasulat sa nasabing panaguri.

Pansinin na may limang anyo sa panaguring pangungusap kasama ang panaguring pandiwa kaya lang hiniwalay ng mananaliksik ang paglalarawan dito sapagkat sa wikang Sinugbuanong Binisaya ay maraming tuntunin sa anyong ito gaya halimbawa ng transitibong pandiwang panag-uri + layon ng pandiwa + paksa, gaya ng *nikaun* ug pan ang bata; transitibong pandiwang panag-uri + paksa + layon ng pandiwa + di-layon ng pandiwa tulad ng *nihatag* siya ug kwarta sa anak; transitibong pandiwang panag-uri + bagay na komplemento + bagay + paksa gaya ng *nanghulam* kanaku ug kwarta si Sandra; transitibong pandiwang panaguri + paksa at bagay + bagay na komplemento tulad ng *nipalit* ku ug singsing alang kanimu; at transitibong pandiwang panaguri + paksa at bagay + pariralang pang-angkop gaya ng *mu-kaun* ku ug pansit pina-agi sa tsapstik. Batay sa mga nabanggit na mga anyo sa panaguring pandiwa, medyo kakikitaan ng pagiging komplikado. Bagay na naiiba sa anyo ng panaguring pandiwa ni Resuma na binubuo ng tatlong uri: aksiyon na naglalarawan ng kilos ang panaguri; proseso o pangyayari na nagpapakita ng pagsalaysay sa pangyayari na kaakibat ang kilos; at karanasan na ipinapamalas ang paggawa ng kilos sa kaniyang nararanasan.

Ang mga nabanggit ay hindi nakikitaan ng kabisaan at katipiran sa paglalarawan sapagkat iba ang naging tuon sa sinuring PG ng Sugbuanun'g Binisaya ni Pesirla (2012). Kung kaya, sa ginawang PG ng mananaliksik, mas binigyang-diin ang anyo ng panaguring pandiwa ni Resuma kaysa kay Pesirla dahil ang mga tuntuning binanggit ay sadyang naghahatid ng kalituhan sa mga nag-aaral ng wika sa halip na napapadali ang pagkatuto na nagiging balakid ang mahabang tuntunin sa madaliang pag-unawa. Ayon kina Kamhi at Catts (2012), tumutukoy ang sintaksis sa kung papaano pinagsama-sama ang parirala, sugnay, at pangungusap. Mapapansin na nakatuon ang pagbuo ng pedagohikal na gramar sa bahagi ng pangungusap partikular ang panaguri at paksa. Ipinapamalas dito ng manunulat na mahilig ang mga Cebuano sa pagsisimula ng pangungusap sa panaguri. Habang sa ginawang gramar ng Sinugbuanon ni Bunye at Yap (1971), nahahati sa dalawang uri ang pangungusap; di-berbal

na pangungusap na walang pandiwa at berbal na pangungusap na napapalooban ng pandiwa. Nagkakaiba ang dalawa sa pananaw ngunit isa lang ang natitiyak ng mananaliksik, kapuwa pareho sila ng pananaw na may dalawang bahagi ang pangungusap; paksa at panaguri.

**Talahanayan 3b**
*Pagsusuri sa Sintaksis ayon kay Bourke (2005)*

| 6K's (Bourke, 2005) | Mayroon | Wala |
|---|---|---|
| 1. Panaguring Pangungusap | May katotohanan, kalinawan at kaalamang-batayan sa paglalahad ng<br>-Pangngalang Panaguri<br>*Hal. Magtutudlu si Ramon<br>-Pang-uring Panaguri<br>*Hal. Ma-anyag si Emma.<br>-Pang-abay na Panaguri<br>*Hal. Sunud adlaw ang bunyag<br>-Pang-ukol na Panaguri<br>*Hal. Mahitungod sa gugma ang saysay<br>-Pandiwang Panaguri<br>Transitibong pandiwang panaguri + layon ng pandiwa + paksa<br>*Hal. Nikaun ug pan ang bata.<br>-Transitibong pandiwang panaguri + paksa + layon ng pandiwa + di-layon ng pandiwa<br>*Hal. Nihatag siya ug kwarta sa anak.<br>-Transitibong pandiwang panaguri + bagay na komplemento + bagay + paksa<br>*Hal. Nanghulam kanaku ug kwarta si Sandra.<br>- Transitibong pandiwang panaguri + paksa at bagay + bagay na komplemento<br>*Hal. Nipalit ku ug singsing alang kanimu.<br>-Transitibong pandiwang panaguri + paksa at bagay + pariralang pang-angkop<br>*Hal. Mu-kaun ku ug pansit pina-agi sa tsapstik. | -Hindi gaanong komprehensibo sapagkat kulang ng anyo ng panaguri sapagkat ang mga gawain ay hindi ganap na nakalilinang sa kakayahang komunikatibo ng mga estudyante<br>*Hal: Sumipi ng teksto mula sa pahayagan na nakasulat sa Ingles at ipaliwanag sa harap ng klase na ginagamit ang wikang Sinugbuanong Binisaya.<br><br>-Hindi rin gaanong kakikitaan ng kapayakan sapagkat naghahatid ng komplikasyon ang paglalarawan sa mga tuntunin sa panaguring pandiwa<br>*Hal: May iba't ibang uri sa berbal na pangungusap gaya ng aktor pokus, gol pokus, lokatibong pokus, benepaktibong pokus at instrumental na pokus<br><br>-Hindi rin gaanong kapaki-pakinabang ang leksikon ukol sa intransitibong pandiwa sapagkat hindi binigyan ng katumbas sa wikang Sinugbuanong Binisaya<br>*Hal: Berbal na pangungusap sa halip na transitibong pandiwang panaguri |
| 2. Paksang Pangungusap | May katotohanan na may paksa ang pangungusap gaya ng pangngalan, panghalip, pandiwa, pang-uri, pang-abay, at eksistensyal | -Walang kalinawan at kaalamang-batayan na hindi kabilang ang paksang pangungusap sa pag-aaral ng gramar ng wikang Sinugbuanong Binisaya sapagkat may iba't ibang uri ng paksa<br>*Hal: pariralang nominal, karaniwang ayos, walang katiyakan na paksa, negatibong ekspresyon, postibong ekspresyon at pagtanggal ng impormasyon |

Sa madaling sabi, batay sa komunikatibong pananaw ni Resuma (2002), medyo hindi gaanong mabisa ang pagkakalarawan sa sintaks sapagkat nakapokus si Pesirla sa panaguring paksa partikular sa mga panaguring pandiwa. Masasabing may malaking agwat sa pagkakaiba ng anyo ng pangungusap ni Resuma sapagkat naghahatid ito ng pagkakomunikatibo batay sa mga ginamit na paglalarawan gaya ng paglalahad ng mga impormasyon at realidad, pagpapahayag ng mga emosyon at damdamin at pagbuo ng konektadong diskurso. Ang mga ibinigay na paglalahad ay hango sa aktuwal na pangyayari sa paligid at binigyang-diin ang kaangkupan sa salita na ginamit sa pangungusap. Samantalang kay Pesirla ay sadyang nakatuon sa estruktura ng pangungusap ng mga Bisaya dahil lubos ang kaniyang paniniwala na nagsisimula lagi sa pagsasalita ang mga Bisaya sa panaguri o kung ano ang ginagawa bago kung sino ang gumagawa. Kung kaya, sa kaniyang nabuong PG, nangingibabaw ang anyo ng panaguring pangungusap bagay na pinagyaman ng mananaliksik sa pamamagitan ng paglalahad sa paksa at panaguri dahil sa naniniwala ang mananaliksik na mas magiging buo at ganap ang

pagkatuto ng mga estudyante sa wikang Sinugbuanong Binisaya kung pag-aralan ang dalawang binanggit.

Matutunghayan sa talahanayan 3b, ang pagsusuri sa sintaksis batay sa anim na krayterya ni Bourke (2005), na kung saan malinaw na nakatuon sa mahahalagang bahagi ng pangungusap ang tuon gaya ng panaguring pangungusap at paksang pangungusap. Sa binanggit na sa unahan, likas na karaniwang ayos ang pangungusap ng wikang Sinugbuanong Binisaya, ibig sabihin, nagsisimula sa panaguri bago ang paksa. Kung kaya, makikita sa itaas na talahanayan na mas maraming anyo ang paggamit ng panaguri sa pangungusap kaysa paksa na pangungusap. Mapapansin na may katotohanan, kalinawan, at batayang-kaalaman ang nosyon na nasa karaniwang ayos ang pangungusap ng wikang pinag-aralan patunay nito ang mga anyo gaya ng panaguring pangngalan, panaguring pang-uri, panaguring pang-abay, panaguring pang-ukol, at panaguring pandiwa. Nangungunang bahagi ang pangngalang panaguri sa pangungusap gaya ng *Magtutudlu si Ramon.* Kapuna-puna ang salitang *magtutudlu* na isang pangngalan bago pa man ang paksa na si *Ramon.* Ito ay isang payak na pangungusap dahil taglay ang isang buong diwa o mensahe. Ang ikalawang uri naman ay pang-uring panaguri katulad ng halimbawang *Maanyag si Emma*. Ang salitang *maanyag* ay isang pang-uri dahil naglalarawan ito sa paksang si Emma. Ang ikatlong uri ay pariralang panaguri na tumutukoy sa hindi buong diwa, sugnay na di-makapag-iisa katulad ng pangungusap na ito *Mahitungod sa gugma ang saysay.* Nagsasaad ng parirala ang *mahitungod sa gugma* sapagkat hindi taglay ang buong diwa upang maunawaan.

Mula sa mga binanggit, kapansin-pansin na ang estruktura ng pangungusap ay nagsisimula sa panaguri at sinusundan ng paksa. Samantala, iba naman ang tawag nina Bunye at Yap (1971), ang pangungusap ay maaaring tawaging di-berbal na pangungusap na binubuo ng mga uri gaya ng equational na pangungusap, ekstensiyal na pangungusap, lokasyonal na pangungusap, deskriptibo na pangungusap, at posisibo na pangungusap. Mapapansin na ang pag-uuri niya sa mga pangungusap ay batay sa sitwasyong nais ipahiwatig nito. Bunga nito, napagtanto ng mananaliksik na mahalagang isaalang-alang ang pagpili ng angkop na termino sa ginawang PG ng Sinugbuanong Binisaya. Bagay na naghahatid ng kakulangan batay sa krayterya ni Bourke (2005), ang sinuring PG ay hindi gaanong komprehensibo sapagkat ang mga gawain ay hindi ganap na nakalilinang sa kakayahang komunikatibo ng mga estudyante gaya ng gawaing, sumipi ng teksto mula sa pahayagan na nakasulat sa Ingles at ipaliwanag sa harap ng klase na ginagamit ang wikang Sinugbuanong Binisaya. Hindi rin gaanong kakikitaan ng kapayakan sapagkat naghahatid ng komplikasyon ang paglalarawan sa mga tuntunin sa panaguring pandiwa tulad ng may iba't ibang uri sa berbal na pangungusap gaya ng aktor pokus, gol pokus, lokatibong pokus, benepaktibong pokus, at instrumental na pokus. Hindi rin gaanong kapaki-pakinabang ang leksikon ukol sa transitibo at intransitibong pandiwa sapagkat hindi binigyan ng katumbas sa wikang Sinugbuanong Binisaya tulad ng berbal na pangungusap sa halip na transitibo at intransitibong pandiwang panaguri. Kakikitaan ng kadulasan sa pagbigkas kung gagamitin ang berbal na pangungusap sapagkat mas direktang naglalarawan ng salitang kilos.

Makikita sa talahanayan 3c at mapapansin na batay sa kognitibo at komunikatibong pananaw ni Newby (2015), may estruktural na deskripsyon sa bawat anyo at kaakibat ang halimbawang pangungusap na naglalarawan sa anyo nito gaya ng: pangngalang panag-uri, halimbawa ay *magtutudlu*; pang-uring panaguri, halimbawa ay *ma-anyag*; pang-abay na panaguri, halimbawa ay *sunud*; pang-ukol na panaguri, halimbawa ay *mahitungod sa*; pandiwang panaguri, halimbawa ay *nikaun* at marami pang tuntunin ukol sa transitibo at intransitibong pandiwa na natalakay na sa unahang bahagi. Gayunpaman, ang maituturing na may kakulangan sa pagkakognitibo ang pagtalakay sa panaguring pangungusap bunga ng sumusunod na dahilan: una, ang input o paglalahad sa panaguring pangungusap ay direktang ibinigay ang estruktural na deskripsyon; ikalawa, ang paggamit ng halimbawang pangungusap sa bawat anyo ay hindi gaanong naglalarawan sa kabatiran ng paksa; ikatlo, ang mga gawain ay bahagyang humuhugot ng paglalahat sa paksa; ikaapat, bahagyang nakagagawa ng sariling pamamaraan sa pagbuo ng pangungusap sa tulong ng mga gawain; at ikalima, ang mga gawain sa pagganap ay bahagyang naglalarawan ng pagsasanay sa pagdidiskurso sa tulong ng mga anyo ng panaguring pangungusap. Sa kabilang dako naman, hindi gaanong komunikatibo ang mga halimbawang pangungusap batay sa anyo sapagkat hindi makatotohanan o batay sa akutwal na karanasan ng mga estudyante katulad ng gawain ukol sa pagsasalin mula sa Ingles patungo sa Sinugbuanong Binisaya na teksto. Malaking tulong sa pagkatuto ng

wika ang mga gawaing gagamitin sa pagtuturo ngunit sa bagay na ito kulang na kulang pa rin ang mga gawaing inihain. May dalawang paraan ang ginamit sa pagsukat ng natutuhan ng mga mag-aaral; una, pagpapakopya ng teksto ayon sa kagustuhan at pangalawa, pagbibigay-reaksiyon batay sa naintindihan sa teksto gamit ang wikang Sugbuanun'g Binisaya. Maganda sana ang ipinapagawa subalit kulang na kulang lang ito dahil sa pangkalahatan lang ang sinukat sa mga natutuhan. Mainam na pagtuonang-pansin din ang mga pagsasanay sa paraang pasulat upang makita ang kakayahan ng mga estudyante sa wika.

**Talahanayan 3c**

*Pagsusuri sa Sintaksis ayon kay Newby (2015)*

| Kognitibo at Komunikatibo (Newby, 2015) | Mayroon | Wala |
|---|---|---|
| 1. Panaguring Pangungusap | -May estruktural na deskripsyon sa bawat anyo at kaakibat ang halimbawang pangungusap na naglalarawan sa anyo nito<br>-Halimbawa:<br>-Pangngalang Panaguri<br>*Hal. Magtutudlu si Ramon<br>-Pang-uring Panaguri<br>*Hal. Ma-anyag si Emma.<br>-Pang-abay na Panaguri<br>*Hal. Sunud adlaw ang bunyag<br>-Pang-ukol na Panaguri<br>*Hal. Mahitungod sa gugma ang saysay<br>-Pandiwang Panaguri<br>Transitibong pandiwang panaguri + layon ng pandiwa + paksa<br>*Hal. Nikaun ug pan ang bata.<br>-Transitibong pandiwang panaguri + paksa + layon ng pandiwa + di-layon ng pandiwa<br>*Hal. Nihatag siya ug kwarta sa anak.<br>-Transitibong pandiwang panaguri + bagay na komplemento + bagay + paksa<br>*Hal. Nanghulam kanaku ug kwarta si Sandra.<br>- Transitibong pandiwang panaguri + paksa at bagay + bagay na komplemento<br>*Hal. Nipalit ku ug singsing alang kanimu.<br>-Transitibong pandiwang panaguri + paksa at bagay + pariralang pang-angkop<br>*Hal. Mu-kaun ku ug pansit pina-agi sa tsapstik. | -Hindi gaanong kognitibo ang paglalahad ng PG ayon sa 4 na modelo ng yugto ng pagkatuto mula sa input patungo sa output:<br>-Halimbawa:<br>*Ang input o paglalahad sa panaguring pangungusap ay direkta ibinigay ang estruktural na deskripsyon<br>*Ang paggamit ng halimbawang pangungusap sa bawat anyo ay hindi gaanong naglalarawan sa kabatiran ng paksa<br>*Ang mga gawain ay medyo humuhugot ng paglalahat sa paksa<br>*Medyo nakagagawa ng sariling pamamaraan sa pagbuo ng pangungusap sa tulong ng mga gawain<br>*Ang mga gawain sa pagganap ay medyo naglalarawan ng pagsasanay sa pagdidiskurso sa tulong ng mga anyo ng panaguring pangungusap<br><br>-Hindi gaanong komunikatibo ang mga halimbawang pangungusap batay sa anyo sapagkat hindi makatotohanan o batay sa aktuwal na karanasan ng mga estudyante<br>*Hal: Ang gawain ukol sa pagsasalin-wika mula sa Ingles patungo sa Sinugbuanong Binisaya na teksto. |
| 2. Paksang Pangungusap | May binanggit na paglalarawan ukol sa paksa ng pangungusap bilang mahalagang bahagi ng pangungusap. | -Hindi kognitibo ang input sa paksang pangungusap na hindi nalilinang ang kamalayan, kategorisasyon, pamamaraan at pagganap upang matamo ang |

Sa pangalawang bahagi naman ng pagsusuri, may paglalarawan sa paksang pangungusap ngunit nakalimita lamang sa gamit ng paksa sa loob ng pangungusap. Sa bagay na ito, masasabing hindi kognitibo ang input sa paksang pangungusap na kung saan hindi nalilinang ang kamalayan, kategorisasyon, pamamaraan, at pagganap upang matamo ang kaukulang kaalaman sa paksa. Mahalagang sa pagtuturo ng sintaksis, sumailalim muna sa paghahanda kung ano ang paksang ilalahad sa tulong ng pagtukoy sa layunin at inaasahang matamo pagkatapos ng pagtalakay ukol sa paksang pangungusap. Sa kabilang banda, ang mga halimbawa ay batay sa tunay na karanasan ng mga estudyante nang sa gayon ay magkakaroon ng kabatiran at pagkakategorisasyon sa mga

natutuhan at maging sa paggawa ng mga gawain ay magiging aktibo at may angking kapanatagang-loob na gawin sa abot ng makakaya nang sa gayon maging mabisa at matagumpay ang pagkatuto sa paksa. Samantalang, hindi komunikatibo ang bahaging ito sapagkat nakalimita lamang ang mga gawain sa paksa bilang bahagi ng pangungusap kung kaya, walang mga ganap na pagtamo sa kakayahang komunikatibo. Bagay na nararapat pagtuonang-pansin sa pagtuturo ng wika ang mga gawaing nakabatay sa realidad at karanasan ng mga estudyante upang maikintal at panghabambuhay ang pagkatuto ng wika.

Sa kabuoan, ayon sa pananaw ni Newby (2015), hindi gaanong kognitibo ang sinuring PG ng Sinugbuanong Binisaya ni Pesirla sapagkat mula sa paghahanda patungo sa pagbibigay ng mga gawain ay hindi gaanong nakalilinang sa pagbuo ng sariling kaalaman sa sariling pamamaraan at ang mga gawaing inihain ay hindi gaanong kakikitaan ng pagganap kung kaya hindi buo ang nakukuhang output o ang pagtatamo sa pagkatuto ng wika. Gayundin, hindi gaanong komunikatibo ang mga gawaing ginamit para mahasa ang mga estudyante sa pagbuo ng paksang pangungusap sapagkat nakalimita ang mga gawain sa gamit ng paksa bilang bahagi ng pangungusap. Kung kaya, ang kukulangan sa lawak ng paksang pangungusap ay naging sanhi sa kakulangan sa pagpapalalim ng pag-unawa ng iba't ibang mukha ng paksang pangungusap. Bunga nito, naging matindi ang adhikain ng mananaliksik na isama sa binuong PG ng Sinugbuanong Binisaya ang iba't ibang uri ng paksang pangungusap upang mapagyaman ang pag-aaral ng wikang pinag-aaralan.

***Modelong 4P's sa Pagbuo ng Pedagohikal na Gramar ng Sinugbuanong Binisaya***

Pagkatapos maisagawa ang pagsusuring pangnilalaman sa pedagohikal na gramar ng Sugbuanong Binisaya ni Pesirla (2012), sa tulong ng komunikatibong pananaw ni Resuma (2002), 6K's ni Bourke (2005), at kognitibo at komunikatibong pananaw ni Newby (2015), ang mananaliksik ay nakabuo nang may kalinawan, katipiran, komprehensibo, komunikatibo at kapaki-pakinabang na pagpapayaman sa nilalaman ng pedagohikal na gramar ng wikang Sinugbuanong Binisaya. Sa kabilang banda naman, ginamit na batayan sa anyo sa pagbuo ng pedagohikal na gramar ng wikang Sinugbuanong Binisaya ang mga teorya ng 3P's nina Harmer (1991) at Ur (2001), pagtuturo-pagkatuto ng wika ni Dirven (1990), at komunikatibo ni Richards (2006). Kaya, nakabuo ng apat na yugto ang mananaliksik na tinatawag na 4P's ng yugto ng pagtuturo-pagkatuto ng wikang Sinugbuanong Binisaya.

***Unang Yugto: Pagpapakilala.*** Inilahad sa bahaging ito ang panimula sa balangkas ng aralin at mga layunin sa pagkatuto. Ang panimula ay nagpapakilala sa paksang tatalakayin at dito malalaman ang kabuoang konsepto na matutuhan sa paksa at ang daloy ng paglalahad ng paksa mula sa pagtalakay hanggang sa pagtataya. Naglatag naman ng inaasahang bunga sa mga layunin matapos matalakay ang paksa. Sa mga layunin, masusukat kung gaano kalalim at kalawak ang matatamong pagkatuto ng wika. Binubuo ito ng hindi bababa sa tatlong layunin na naglalarawan sa pagkilala sa paksa, pagpapalawak sa mga natutuhan, at aplikasyon sa tulong ng pagbuo ng sariling kaalaman batay sa mga natutuhan.

***Ikalawang Yugto: Paglalahad.*** Maituturing na ang bahaging ito ang katas ng impormasyon sapagkat dito tuluyang maiintindihan ang paksa sa pamamagitan ng paglalahad sa estruktura at anyo nito. Batay sa sinabi ni Dirven (1990), ang yugto na ito na kung saan ay mahalagang may sapat na kahandaan ang mga estudyante sa pag-unawa ng paksa sa pamamagitan ng malinaw at malawakang paglalahad ng bawat aralin ng wikang inaaral. Sang-ayon din sina Harmer (1991) at Ur (2001), sa kanilang modelong 3P's na pinangungunahan ng paglalahad na ibig sabihin ay inilalarawan muna ang paksang-aralin at tatalakayin ang estruktura nito sa tulong ng mga halimbawang ibinibigay ng guro. Nagsasaad ito ng pagpapaliwanag ukol sa paksa na sinasamahan ng iba't ibang uri ng mga halimbawa upang matamo ang pagkaunawa sa paksang tinalakay. Binubuo ito ng dalawang bahagi: una, pagbibigay-kahulugan sa estruktura ng gramar; at ikalawa, pagbibigay-halimbawa sa bawat anyo upang magkaroon ng metakognitibong pag-unawa hinggil sa paksa ang mga estudyante. May kalayaan ang mga guro ng wika sa pagsunod o hindi pagsunod sa mga halimbawang ibinigay alinsunod sa pangangailangan ng mga estudyante.

***Ikatlong Yugto: Pangkomunikatibong Gawain.*** Itinuturing na impluwensiya ng 3P's nina Harmer (1991) at

Ur (2001), partikular ang presentasyon at produksiyon sapagkat naglalarawan ito ng mga gawaing humahasa sa lawak ng pagkatuto ng mga estudyante. Ang yugtong ito ay binubuo ng tatlong tampok: pagsasanay, akademikong gawain, at pagtataya. Unang tampok, upang matiyak ang pagkatuto ng mga estudyante sa paksang tinalakay, sasabak sila sa pagsagot sa mga gawaing komunikatibo na sinimulan sa paglinang ng kakayahang gramatika na makikita sa mga pagsasanay. Ang mga pagsasanay ay binubuo ng apat na bahagi: pagsasanay A, pagsasanay B, pagsasanay C, at pagsasanay D na kung saan nagsasanay sa pagkilala ng tunog hanggang sa pangungusap. Ikalawang tampok, nagkakaroon naman ng malawakang pag-unawa sa paksa sa tulong ng iba't ibang akademikong gawain na maaaring pang-isahan, pandalawahan o pangkatan. Saligan ang pananaw ni Richards (2006), ang gawaing komunikatibo ay nakatutulong upang matamo ang kabisaan sa paggamit ng mga estudyante sa inaaral na wika. Binubuo rin ang akademikong gawain ng apat na bahagi na lumilinang sa kakayahang sosyolingguwistika at kakayahang diskorsal. Ikatlong tampok, ang pagsukat sa pangkalahatang natutuhan ng mga estudyante ay tuon ng pagtataya na nalilinang ang kakayahang estratehikal. Ito ang yugto na nagbibigay-depinisyon sa katangiang taglay ng pedagohikal na gramar, ang pagkatuto ng wika sa tulong ng iba't ibang gawaing akademiko.

***Ikaapat na Yugto: Paglalagom.*** Ito ang huling yugto ng pagbuo ng PG ng Sinugbuanong Binisaya ng mananaliksik. Naglalaman ito ng pangkalahatang konsepto sa paksang tinalakay upang magkaroon ng konkretong pag-unawa ang mga estudyante sa gramar na inaaral. Sadyang ginawa ito ng mananaliksik nang sa gayon, matiyak ang kakintalan ng pag-unawa bago dumako sa susunod na estruktura ng gramar. Nagsisilbi itong pundasyon upang maitawid at maiugnay ang naunang pagkatuto sa susunod na inaasahang matutuhang paksa. Sa tulong ng yugtong ito makapag-iiwan ng yaman ng kaalaman at makahihikayat ng panukalang aksiyon mula sa mga estudyante tungo sa patuloy na pagsisiyasat sa susunod pang mga aralin.

## 5. Conclusion and recommendations

Batay sa mga inilahad na kinalabasan ng pag-aaral, nabuo ang mga sumusunod na kongklusyon: Hindi gaanong komunikatibo ang nabuong pedagohikal na gramar ng Sugbuanun'g Binisaya ni Pesirla batay sa krayterya nina Resuma (2002), Bourke (2005) at Newby (2015) sapagkat walang gaanong katotohanan, kalinawan, kapayakan at kapaki-pakinabang na mga gawain na lilinang sa kakayahang komunikatibo ng mga estudyante. Batay sa mga natuklasan at nabuong kongklusyon alinsunod sa mga datos na nakalap, iminumungkahi ang sumusunod na rekomendasyon na magsagawa pa ng ibayong pag-aaral ukol sa pagsusuri ng gramar sa tulong ng hulwarang suring ginawa ng mananaliksik na nakapokus sa gramar ng Sinugbuanon upang madagdagan ang mga sangguniang panggramatika sa wikang rehiyonal.

## 6. References

Allen, J.P.B & Corder, S.P. (1974). Pedagogical grammar. The Eidenburgh Course in applied linguistics. (Vol.3, pp. 59-92). Oxford, UK: Oxford University Press

Baustista, F. (2015). Direksyong historikal ng mga pag-aaral panggramar ng mga wikang timog bisaya. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino. Tomo

Bausch, K. R. (1979). The creation of didactic grammars as an example of the relationship between applied linguistics, foreign language didactics and language teaching research. In KR Bausch (ed.), 2 - 24

Bourke, J. M. (2005). The grammar we teach. Reflections on English Language teaching (4) 85-87

Bryam, M. (Ed.). (2004). Routledge encyclopedia of language teaching and learning. London & New York: Routledge Tayler and Francis Group

Bunye, R. & Yap, E. P. (1971). Cebuano grammar notes. Honolulu: University of Hawaii Press

Corder, S.P. (1974). Pedagogical grammar or the pedagogy of grammar? In S.P Corder & E. Roulet (Eds.) Theoretical linguistic model in applied linguistics (pp.167-73). Brussels. AIMAV

De Catalina, E. (2016). Silid sa binisaya-sinugboanong pinulungan (A Course on Visayan-Cebuano Language). JEVIA Publishing

Dervin, R. (1990). Pedagogical grammar (State of the Art). Language Teaching

Gläser, Jochen, & Laudel, Grit (2004). Experteninterviews und qualitative inhaltsanalyse als instrumente rekonstruierender untersuchungen. Wiesbaden:VS Verlag für Sozialwissenschafen

Lande, N. (1971). A comparative phonology of the eight major Philipppine Languages. Fifth Kansas Conference. University of Kansas

Little, D. [1994]. Words and their properties: arguments for lexical approach to pedagogical grammar. In T. Odlin (Ed.) perspectives on pedagogical Grammar (pp. 99-122). Newyork: Cambridge University Press

Lewis, M. (2009). The Lexical Approach: The state of ELT and a way forward. Hove, UK: Language Teaching Publication

Leong, C. K. & Parkinson, M. E. (1995). Processing of english morphological structure by poor readers. In C. K. Leong, & R. M. Joshi (Eds). (1995). Developmental and acquired dyslexia (pp. 237- 261). The Netherlands: Kluwer Academic Publishers

Nassaji, H. & S. Fotos, (2004). Current developments in research on the teaching of grammar. Annual Review of Applied Linguistics 24, 126-145

Nattinger, J. and DeCarrico, J. (1992). Lexical phrases and language teaching. Oxford: Oxford University Press

Newby, D.A. (2003). Cognitive + communicative theory of pedagogical grammar. Habilitationsschrift, Karl-Francens Universitat Graz

Pesirla, Angel O. (2012). Ang linggwistika sa sugbu-anun'g binisaya: the linguistics of cebuano-visayan. Mandaluyong Anvil, 2012

Resuma, V. (2002). Gramatikang pedagohikal ng wikang filipino: komunikatibong modelo. University of the Philippines Press. UP, Diliman: Quezon City

Richards, J. C. (2006). Communicative language teaching today. Cambridge: Cambridge University Press. Spring, 16 (2), 23-38

Santiago, A., & Tiangco, N. (2003). Makabagong balarilang Filipino: Binagong edisyon. Rex Book Store: Recto Manila

Swan, M. (1994). Design creteria for pedagogical grammar. In M. Bygate et al(eds)

Thompson, G. (1996). Some misconceptions about communicative language teaching. ELT Journal, 50: 10-12

Harmer, J. (1997). Teaching and learning grammar. London; Newyork: Longman

Welsh, D. (1950). A checklist of Philippine linguistics in the Newberry Library. Chicago: Newberry Library

Wolff, John U. Beginning Cebuano (Part 1) New Haven & London: Yale